

Abusong Pinansyal: Sa Senior na Kababaihang Imigrante

Ang abusong pinansyal ay anumang uri ng pagkontrol, pagkakait, pagmamalupit, kapabayaang o hindi paggalang sa iyong pinansyal na karapatan.

Abusong pinansyal ito kapag ang isang kakilala mo ay:

- Kinukuha ang iyong pera
- Pinipilit kang magbigay ng pera
- Nagbubukas ng account sa bangko sa pangalan mo ng hindi mo nalalaman
- Pumipirma sa pinansyal na dokumento ng hindi mo nalalaman
- Inutusan kang gumawa sa bahay o mag-alaga ng bata ng walang paggalang sa iyong pangangailangan
- Pinipigilan kang gumastos ng iyong pera sa pagbili ng kagamitan, pagkain o kasuotan
- Pinipigilan kang gumastos ng iyong pera sa mga bagay na gusto mong gawin

Sino ang maaring gumawa nito sa iyo?

- Asawa, karelasyon, kabiyak
- Anak na may hustong gulang
- Mga apo
- Mga kamag-anak
- Tagapag-alaga
- Isang kabilang ng iyong komunidad



Humingi ng Tulong

Ang pagranas ng pinansyal na pangaabuso ay maaring magdala ng takot at kawalan ng kakayahan, ngunit may makatutulong sa iyo. May makukuhang tulong na walang bayad, kompidensyal, at nasa iyong wika.

- **Ang 211 ay nagbibigay ng impormasyon kung anong mga serbisyong local**
- **Ang Senior Safety Line (1-866-299-1011) ay tumutulong sa mga matatandang pinagmamalupitan**

1. I-dial ang numerong gusto mo (handang maglingkod ng 24/7 sa maraming wika)
2. Sa umpisa ng tawag, banggitin ang iyong wika at magantay ng tagapagsalin (interpreter)
3. Hindi kailangang ibigay ang iyong ngalan.
4. Sabihin mo kung ano ang kailangang tulong at bibigyan ka ng payo o impormasyon o detalye tungkol sa ibang serbisyong makatutulong sa iyo.

Uri ng serbisyo sa komunidad na makatutulong sa iyo:

- Pinansyal na tulong
- Imigrasyon
- Hanapbuhay o tulong sa pagtatrabaho
- Karapatang Ligal
- Pagtungo sa abot-kayang pabahay
- Suporta sa upa
- Pangangalagang Kalusugan
- Pagkain
- Mga grupo sa komunidad at iba pa

